Republic of the Philippines
# Department of Education
Region III
Schools Division of Angeles City

DEPARTMENT OF EDUCATION
SCHOOLS DIVISION OF ANGELES CITY
RELEASED
BY: MAY 02 2023

Division Advisory No. 015, s. 2023
May 2, 2023
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement per Department Order (DO) No. 28, s. 2001, but only for information of DepEd officials, personnel/staff, as well as the concerned public.

*KAKASA KA BA* WITH THE THEME: "*MALAY SA NAKARAAN, TANGLAW SA HINAHARAP.*"

To: Assistant Schools Division Superintendent
OIC-Chief ES, Curriculum Implementation Division
Chief ES, School Governance and Operations Division
Heads of Public Elementary and Secondary Schools

1. The U.P. *Lipunang Pangkasaysayan* (U.P. LIKAS), an academic organization of students in the University of the Philippines-Diliman, will be organizing *KaKaSa Ka Ba* with the theme: *Malay sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap.*" throughout the month of May.

2. Attached are Advisory No. 069, s. 2023, a concept paper and a program proposal for reference and guidance on the details of the activity.

3. Wide dissemination of this Advisory is earnestly desired.

**RONALDO A. POZON PhD, CESO V**
Schools Division Superintendent

SGOD/Chief elm/May 2, 2023

**Address:** Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City
**Telephone No.** (045) 322-4101

SG90

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Qu

**KaKASa Ka Ba? 2023**
Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap

## PROJECT TEAM

**NICOLE MARGARET A. VILLABROZA**
Project Head/Finance and Marketing Committee Head

**AARON JULIUS B. TORRES**
Externals Committee Head

**BENELYN P. FERRER**
Publicity and Promotions Committee Head

**DAN GABRIEL A. CASTRO**
Contests Organizing Committee Head

**JOHN CARLOS B. DUQUE**
Human Resources Committee Head

**JUDE THOMAS N. CUARTERO**
Technicals and Logistics Committee Head

**DR. JELY A. GALANG**
**DR. ROS A. COSTELO**
Mga Gurong Tagapayo

EMAIL: uplikas a gmail.com
FACEBOOK: facebook.com/uplikas/
TWITTER: twitter.com/uplikas/
INSTAGRAM: instagram.com/uplikas
WEBSITE: uplikas.wixsite.com/uplikas
CONTACT NUMBER: 0995 417 5724

APR
ESMER P. YU
Records Sectio

DR. MAY B. ECLAR
Regional Director
Department of Education Region III
City of San Fernando

Dear Dr. Eclar,

Greetings!

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS), is an academic organization of students in the University of the Philippines- Diliman that promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities. One of the major endeavors of our organization is our annual flagship event entitled KaKASa Ka Ba?, a series of academic competitions for high school students aimed at deepening students' interest, knowledge, and understanding of history.

This year, in line with our organization's 35th anniversary, U.P. LIKAS will be organizing KaKASa Ka Ba with the theme: "Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap." This year, KaKASa Ka Ba aims to focus on improving the historical consciousness of these students in line with our campaigns to resist against the spread of disinformation and historical distortion. These competitions will be held throughout the month of May. These competitions would include the Tagisan ng Talino (face-to-face), KASanaysayan (online), Docusaysayan (online), and KASplay (online).

Given the relevance of this topic to the current social discourse, we humbly invite your organization to become our partners in this initiative. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history and curbing the spread of disinformation and historical distortion. In line with this, we ask for your help by granting our event the accreditation of your office and the dissemination of our invitation to school within your jurisdiction.

Attached with this document are the concept paper and program proposal for the conference. Should you have any inquiries, we will gladly discuss these matters with you personally. You may contact our Vice-Chairperson for External Affairs via 09560938732 or e-mail us at uplikas@gmail.com.

Thank you very much.

Respectfully,

Aaron Julius B. Torres
Vice-Chairperson for External Affairs

Noted by:

Nicole Margaret A. Villabroza
Project Head

Prof. Jely A. Galang
Faculty Adviser

> Advisory
> No. 069, s. 2023
>
> To: All Schools Division Superintendents
>
> For information.
>
> MAY B. ECLAR, PhD, CESO III
> Regional Director

"Tungo sa isang *kritikal* at *mas makabuluhang* pag-aaral ng *kasaysayan*"

1-146

**KaKASa Ka Ba? 2023: Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap | Tagisan ng Talino (*Quiz Bee*), KASanaysayan (*Essay Writing*), Docusaysayan (*Local History Infomercial*), at KASplay (*Cosplay*) | Mayo 2023**

**KONSEPTONG PAPEL**

Isa sa layunin ng UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS), isang akademikong organisasyon sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, ang pag-isahin ang mga mag-aaral upang maitaguyod at mapalalim ang interes, kaalaman, at kamalayang pangkasaysayan ng bawat isa. Bahagi ng adhikaing ito ang taunang pagdaraos ng *KaKASa Ka Ba?,* binubuo ng iba't ibang paligsahan sa kasaysayan na maaaring lahukan ng mga mag-aaral sa sekundarya mula sa mga paaralan at pamantasan sa Pilipinas na kakatawanin ng mga ito.

Ngayong taon, bilang bahagi ng ika-35 taong anibersaryo ng muling pagkakatatag ng UP LIKAS, idaraos muli ang *KaKASa Ka Ba?* na may temang, **"Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap."** Sa pamamagitan ng gawaing ito, tunguhin ng samahan na makintál sa mga mag-aaral na lalahok ang pangangailangan na maging maláy ang bawat isa sa kasaysayan bilang porma ng ating pagsandig laban sa pagbaluktot ng kasaysayan at disimpormasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap. Para sa taong ito, magkakaroon ng apat na paligsahan ang *KaKASa Ka Ba?*: ***Tagisan ng Talino*** *(face-to-face),* ***KASanaysayan*** *(online),* ***Docusaysayan*** *(online), at* ***KASplay*** *(online)*. Narito ang pangkalahatang panuntunan ng bawat paligsahan.

Sa panunumbalik ng face-to-face sa UP Diliman, muling isasagawa ng samahan ang **Tagisan ng Talino** o Quiz Bee. Sa paligsahang ito, bubuo ang bawat kalahok ng isang pangkat na hindi hihigit sa dalawang kasaping mag-aaral at isang gurong tagapagsanay. Dadaan ang bawat pangkat sa tatlong round: madali, katamtaman, at mahirap upang salain ang tutuloy sa final round. Ang bawat round ay may sampung tanong at may kaakibat na iba't ibang puntos. Iikot ang mga tanong tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas. Upang matiyak na walang magiging kalituhan o pagtatalo sa mga sagot ng quiz bee, pangungunahan ng junior faculty ng UP Departamento ng Kasaysayan ang Lupon ng Hurado ng paligsahan.

Sa Paligsahan sa Pagsulat ng Sanaysay o **KASanaysayan**, muli itong idadaos ng online katulad ng nakaraang taon upang mas malawak ang maaaring makilahok na mga mag-aaral. Sa paligsahang ito, magkakaroon ng 15 kasaping mag-aaral mula sa sekundarya na magsusulat ng sanaysay mula sa isang paksang mapipili ng samahan. Pagkatapos maisumite ang mga sanaysay, mamarkahan ito ng Lupon ng Hurado na kakatawanin ng mga dalubhasa sa pagsusulat at pagsusuri ng sanaysay. Ibabatay ang pagmamarka mula sa pamantayan o criteria na ilalabas ng samahan.

Sa Paligsahan ng Cosplay o **KASplay,** tulad noong nakaraang taon, itatanghal ng mga kalahok ang kanilang mga sarili suot ang mga damit na may malikhaing disenyo na may kaugnayan sa mga personalidad o kaganapan sa kasaysayan. Magkakaroon ng 20 kasaping mag-aaral mula sa sekundarya para sa paligsahang ito. Katulad ng KASanaysayan, isusumite ng bawat kalahok ang kanilang mga larawan at mamarkahan ng Lupon ng Hurado batay sa ilalabas na pamantayan o criteria ng samahan.

Panghuli, magsasagawa ng **Docusaysayan**, o Paligsahan sa Paggawa ng Infomercial tungkol sa Kasaysayang Pampook ang UP LIKAS. Bilang pakikiisa ng samahan sa "Festival of History" ng Local History Committees Network-Student Organizations Cluster, itatampok ng paligsahang ito ang kahusayan ng mga mag-aaral sa sekundarya sa paggawa ng informercial tungkol sa kasaysayang pampook (local history) ng kanilang mga bayan at lalawigan. Ang bawat kalahok ay bubuo ng isang pangkat na hindi hihigit sa limang kasapi. Itatanghal nila ang kasaysayan ng kanilang mga bayan o lalawigan sa isang infomercial na hindi hihigit sa 10 minuto. Katulad ng mga naunang paligsahan, magkakaroon rin ng Lupon ng Hurado para rito na magmamarka ng mga isusumiteng entry ng bawat kalahok.

Tulad ng nabanggit, bahagi ang *KaKASa Ka? 2023* sa Festival of History ng LHCN Student Cluster kaya higit itatampok ng samahan sa gawain ang pagsusulong ng kasaysayang pampook at edukasyon sa mga mag-aaral sa sekundarya bilang mahalagang lapit sa pag-unawa ng kasaysayang Pilipino. Para sa interes ng publiko, ibabahagi ng UP LIKAS sa FB page nito ang bawat entry sa KASplay at Docusaysayan upang makita ang ginawa ng bawat kalahok.

Sa huli, ang mananalong mga kalahok ay gagawaran ng sertipiko ng pagkilala at premyo ng samahan bilang pagkilala sa kahusayan ng bawat isa sa iba't ibang patimpalak. Sa pagtatapos ng *KaKASa,* inaasahan na higit mapukaw ang interes ng bawat isa sa kasaysayan, partikular sa kasaysayang pampook, at mapalalim ang antas ng kaalaman at kamalayang pangkasaysayan ng mga mag-aaral sa sekundarya. Panghuli, hangad ng UP LIKAS na maging kasangkapan ang gawaing ito upang maipakita rin ng mga kabataan ang paninindigan nila para sa pagtataguyod ng makatotohanan at makatuwirang kasaysayan sa ating lipunan.

**KaKASa Ka Ba? 2023: Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap**

**| Tagisan ng Talino (*Quiz Bee*), KASanaysayan (*Essay Writing*), Docusaysayan (*Local History Infomercial*), at KASplay (*Cosplay*) |**

**Mayo 2023**

**PANGKALAHATANG ALITUNTUNIN**

1. Bukás ang paligsahan sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralang pansekundarya sa Pilipinas.
2. Para sa taong ito, magsasagawa ng F2F ang Tagisan ng Talino at KASanaysayan. Samantala, online gagawin ang KASplay at Docusaysayan
3. Maglalabas ng *online pre-registration form* ang UP LIKAS sa ika-17 ng Abril para sa lahat ng paligsahan. Tanging ang mga buo at may wastong entri lamang ang papadalhan ng kumpirmasyon ng KaKASa Contest AdHOC.
4. Dahil may sapat na bilang lamang ng kalahok ang tatanggapin sa bawat paligsahan, magkakaroon ng first-come, first-served basis sa mga ito.
5. Ang mga kalahok na sumagot sa *online pre-registration form* ay kinakailangan din magpatala sa *registration booth* sa mismong araw upang kumpirmahin ang pagdalo.
6. Kinakailangan dalhin ang valid ID na ginamit sa *online pre-registration form* at vaccination card sa mismong araw ng paligsahan. Ito ay ipapakita sa *registration booth* sa pagsisimula ng programa
7. Maglalabas ang UP LIKAS ng kabuuang mekaniks para sa mga patimpalak gayon din ang mga nakatalagang hurado para sa mga ito.
8. Magkakaroon ng registration fee ang bawat patimpalak. Para sa Tagisan ng Talino at Docusaysayan na may higit sa iisa ang kalahok sa kada grupo, kada grupo ang pagbabayad ng registration fee at hindi kada indibidwal.
    - Tagisan ng Talino: 150 pesos para sa mga grupo mula sa pribadong paaralan, 100 pesos para sa mga grupo mula sa pampublikong paaralan

- KASanaysayan: 100 pesos para sa mga kalahok mula sa pribadong paaralan, 75 pesos para sa mga kalahok mula sa pampublikong paaralan
- Docusaysayan at KASplay: 75 pesos para sa mga kalahok mula sa pribadong paaralan, 50 pesos para sa mga kalahok mula sa pampublikong paaralan

9. Para sa F2F KaKASa, i-aanunsyo sa UP LIKAS page ang nakatalagang silid na pagdadausan ng Tagisan ng Talino at KASanaysayan
10. Sa mismong araw ng F2F KaKASa, magkakaroon ng panimulang programa upang talakayin ang mga alituntunin ng paligsahan gayon din ang pagpapakilala sa mga hurado at panauhing pandangal.
11. Magaganap ang awarding sa mismong araw din ng patimpalak. Para sa mga online contests, magkakaroon ng hiwalay na awarding para sa mga nagwagi.

**KaKASa Ka Ba? 2023: TAGISAN NG TALINO (QUIZ BEE)**
**20 Mayo 2023, UP Diliman, Lungsod Quezon**

**MEKANIKS**

**KOMPOSISYON NG PANGKAT**

1. Hanggang ISANG pares/pangkat lamang ang maaaring ipadala ng bawat paaralan.
2. Ang isang pangkat ay bubuuin ng dalawang (2) kalahok na mag-aaral at isang (1) *teacher-coach* (tagapagsanay).
3. Bilang pagsunod sa COVID-19 protocols ng pasilidad na pagdadausan ng paligsahan, tatanggap lamang ang samahan ng dalawampu (20) pares sa pamamagitan ng *online pre-registration form*.
4. Ang mga kalahok at *substitute* ay dapat mga naka-*enroll* na mag-aaral na Grade 7, Grade 8, Grade 9, at Grade 10 ng paaralan na kanilang kinakatawan.

5. Ang *teacher-coach* (tagapagsanay) ay dapat isang regular na kawani ng paaralang kakatawanin. Sila ang magiging kinatawan ng kani-kanilang paaralan kung sakaling magkaroon ng protesta o reklamo.

6. Ang bawat kalahok ay kinakailangan magpakita ng valid ID sa araw ng registration (Student ID para sa mga mag-aaral at kahit anong valid ID na nagpapatunay na isang regular na kawani ng paaralan para sa mga *teacher-coach*
7. Kung sakaling hindi na kayang lumahok ng isang kalahok sa paligsahan, ang *substitute* ang papalit sa kanilang puwesto. Hihingin din sa *online pre-registration form* ang pangalan ng *substitute* at kailangan maabisuhan ang samahan bago ang araw ng paligsahan tungkol sa pagpapadala ng *substitute.*
8. Magkakaroon ng *roll calls* bago opisyal na simula ang paligsahan. Hanggang tatlong beses lamang tatawagin ang bawat pangkat. Kung hindi makumpirma ang kanilang presensiya, sila ay awtomatikong tanggal na sa paligsahan.

**ANG LUPON NG MGA HURADO**

1. Ang Lupon ng mga Hurado ay bubuuin ng mga sumusunod
   - Kinatawan mula sa Local Historical Committees Network (LHCN)
   - Kinatawan mula sa UP Departamento ng Kasaysayan
   - Alumnus/alumna ng UP LIKAS
2. Ang Lupon ng mga Hurado ang magpapasya sa kaso ng protesta at reklamo ng mga kalahok.
3. Kung may reklamo o paglilinaw tungkol sa isang tanong o sagot, isasangguni ito sa Lupon ng Hurado bago magpatuloy sa susunod na tanong. Hindi na pauunlakan ang ano mang paglilinaw matapos basahin ang susunod na tanong

**KOMITENG TEKNIKAL**

1. Ang Komiteng Teknikal na mangangasiwa sa paggawa ng tanong at daloy ng *quiz bee* ay bubuuin ng mga sumusunod:
   - Mga Gurong Tagapayo ng UP LIKAS
   - Tagapangulo
   - Direktor, Edukasyon at Pananaliksik
   - KaKASa Contest AdHOC
   - Ibang itinalagang resmem ng UP LIKAS

**MARSHALS**

1. Ang mga marshal ay bubuuin ng mga piling kasapi ng UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS). Aatasan silang:
   a. Tumugon sa mga kaso ng emergency
   b. Tiyakin na walang pandarayang magaganap at iuulat sa Lupon ng Hurado kung magkaroon man nito
   c. Siguraduhing nasusunod ang mga alituntunin
   d. Kumpirmahin kung tama o mali ang sagot ng pangkat na nakatalaga sa kanila sa oras ng quiz bee
   e. Iba pang tungkulin na iaatas ng Komiteng Teknikal

**MGA KATEGORYA**

1. Iikot ang mga katanungan sa Kasaysayan ng Pilipinas :
   - Pilipinas sa Panahong Pre kolonyal
   - Pilipinas sa Panahon ng mga Espanyol
   - Pilipinas sa Panahon ng mga Amerikano at Hapon
   - Pilipinas sa Ikatlong Republika
   - Pilipinas sa Panahon ng Batas Militar
   - Mula People Power hanggang kasalukuyan (Current events)

**TAGISAN NG TALINO (QUIZ BEE) PROPER**

1. Ang mga tanong ay nakasulat sa isang questionnaire card na may takdang bilang ayon sa pagkakasunud-sunod. Lahat ng mga tanong ay nasa loob ng isang selyadong envelope. Bibigyan ng tig-iisang set of questions ang *quiz master* (tagapagdaloy), mga hurado, at komiteng teknikal.

2. Babasahin nang dalawang beses lamang ng *quiz master* ang tanong na ipapakita rin sa screen. Saka pa lamang lalabas ang mga pagpipiliang sagot pagkatapos basahin ang tanong (para sa Madali at Katamtamang Rounds).

3. Maaari lamang isulat ng mga pangkat ang kanilang sagot pagkatapos ibigay ng *quiz master* ang signal. Kapag ang isang pangkat ay hindi nakasunod dito nang limang beses, sila ay tatanggalin sa paligsahan.

4. Kung may mga katanungan mula sa mga kalahok o sa mga *teacher-coach*, tatanggapin ito matapos maitala ang mga scores (papalitan na lamang kung may mapatunayang pagkakamali). Hindi na tatanggapin ang anumang mga hinaing kapag nabuksan na ang susunod na tanong.

5. Para sa pagtatala ng scores, may isang *official manual scoreboard* (open viewing), at electronic scoring sheet ng komiteng teknikal. Ang resulta ng dalawang scoring scheme ay ipapakita sa dulo ng bawat round.

6. Papayagan lamang na pumunta sa comfort room ang mga kalahok pagkatapos ng isang round na tatagal lamang ng limang minuto.

7. Ipinagbabawal ang cellphone at iba pang *devices*.

8. Hindi maaaring umupo ang mga *teacher-coaches* kasama ang mga kalahok habang kasagsagan ng isang round.

9. Hindi na maaaring baguhin ng mga kalahok ang kanilang mga sagot kapag nagsignal na ang *quiz master* na itaas ang kanilang mga *boards*.

10. Ang mga pangkat na mahuhuli na nandaraya ay tatanggalin sa awtomatikong diskwalipikado.

**PAGPUPUNTOS NG BAWAT TANONG**

**MADALI**

1. May 20 katanungan na katumbas ng isang punto (1 point) ang bawat tamang sagot. Labinglimang (15) tanong sa Kasaysayan ng Pilipinas, limang (5) tanong Current Events.
2. Nasa porma ng *multiple choice* ang mga katanungan.
3. Isusulat ang sagot sa *board* na ibibigay ng mga marshals.
4. Bibigyan ng sampung segundo ang mga kalahok para makapagsagot. Sisiguraduhin ng assigned marshal na tatalima ang mga kalahok sa itinakdang oras.
5. Tutuloy sa susunod na round ang lahat ng mga pares.

**KATAMTAMAN**

1. May 10 katanungan na katumbas ng tatlong puntosang bawat tamang sagot. Walong (8) tanong sa Kasaysayan ng Pilipinas, dalawang (2) tanong sa Current Events.
2. Nasa porma ng *multiple choice* at *identification* ang mga katanungan.
3. Isusulat ang sagot sa *board* na ibibigay ng mga marshals.
4. May labinlimang segundo ang mga kalahok upang makapag-isip. Sisiguraduhin ng assigned marshal na tatalima ang mga kalahok sa itinakdang oras.
5. Tutuloy sa huling round ang lahat ng pares.

**MAHIRAP**

1. May 10 katanungan na katumbas ng limang puntos bawat tamang sagot. Limang (5) tanong sa Kasaysayan ng Pilipinas, limang (5) tanong sa Current Events.
2. Isusulat ng kalahok ang buong tamang sagot sa *board* na ibibigay ng mga marshals. Hindi tatanggapin ang maling ispeling. Para sa mga hindi maintindihang sulat, nasa desisyon ng hurado ang pagtanggap ng kanilang sagot.

3. May 30 segundo ang mga kalahok para sa pagsagot na gagawin lamang nila pagkatapos basahin ng *quizmaster* ang tanong nang dalawang beses.
4. Ang tatlong may pinakamataas na iskor sa pagtatapos ng lahat ng round ang itatanghal na panalo.

**CLINCHER (kung sakaling may magpareho ng puntos)**

1. Para lamang ito sa mga kalahok na magka-tie sa pwesto ng pagkapanalo (una, ikalawa at ikatlong pwesto lamang).
2. Isusulat ng kalahok ang buong tamang sagot sa *board* na ibibigay ng mga marshals. Hindi tatanggapin ang maling ispeling. Para sa mga hindi maintindihang sulat, nasa desisyon ng hurado ang pagtanggap ng kanilang sagot.
3. May 10 segundo ang mga kalahok para sa pagsagot na gagawin lamang nila pagkatapos basahin ng *quizmaster* ang tanong nang dalawang beses.
4. Ang may mataas na score sa round na ito ang panalo.

**PAGTATAPOS NG TAGISAN**

1. Tatanggap ang mga nagwagi ng:

| | |
|---|---|
| Unang Pwesto | - Sertipiko + Medalya + Trophy + Token |
| Ikalawang Pwesto | - Sertipiko + Medalya + Token |
| Ikatlong Pwesto | - Sertipiko + Medalya + Token |

2. Ang lahat ng lumahok na mag-aaral sa paligsahan ay gagawaran ng Sertipiko ng Paglahok
3. Ang lahat ng *teacher-coach* ng bawat pangkat ay tatanggap ng Katibayan ng Pagdalo.

**KaKASa Ka Ba? 2023: KASanaysayan (Essay Writing Contest)**

**20 Mayo 2023, UP Diliman, Lungsod Quezon**

**MEKANIKS**

1. Isang mag-aaral lamang ng bawat paaralan ang maaaring lumahok.
2. Bilang pagsunod sa COVID-19 protocols ng pasilidad na pagdadausan ng paligsahan, tatanggap lamang ang samahan ng dalawampu (20) kalahok sa pamamagitan ng *online pre-registration form.*
3. Ang bawat kalahok ay kinakailangan magsulat ng orihinal na sanaysay sa wikang Filipino sa 2-3 pahina ng papel.
4. Sa pagsusulat ng papel, control number lamang ng kalahok ang nakasulat at tanging ito lamang ang makikita ng mga hurado. May masterlist kung saan makikita ang pangalan at paaralan ng kalahok sa bawat control number
5. Ang paksa na isusulat ay pagpapasiyahan ng KaKASa Contest AdHOC at isasangguni sa Lupon ng mga Hurado ilang minuto bago ang pormal na pagsisimula ng patimpalak.
6. Ang Lupon ng mga Hurado ay kakatawanan ng mga sumusunod:
   - Kinatawan mula sa UP Departamento ng Kasaysayan
   - Alumnus/alumna ng UP LIKAS
   - Isang inimbitahang propesor mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
7. Bago magsimula ang patimpalak, magkakaroon muna ng maikling palihan na magiging gabay ng mga kalahok bago sumulat ng sanaysay. Ang mga hurado ang mangangasiwa sa maikling palihan na ito
8. Ang tema/paksa ng sanaysay ay ibibigay pagkatapos ng maikling palihan
9. Bibigyan ang mga kalahok ng isa't kalahating oras (90 minuto) para magsulat ng sanaysay

10. Nasa ibaba ang criteria sa pagpupuntos
    - **Nilalaman (Ideas and Substance) - 40%**
    - **Organisasyon (Structure and Coherence) - 40%**
    - **Kasanayan sa Wika (Grammar and Articulation) - 20%**
    - **Kabuuan - 100%**
11. Kakalukulahin ang pinal na iskor ng bawat kalahok sa pamamagitan ng pag-aaverage sa ibinigay ng ng bawat hurado
12. Ang tatlong may pinakamataas na iskor ang tatanghaling nagwagi
13. Tatanggap ang mga nagwagi ng mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| Unang Gantimpala | Sertipiko + Medalya + Trophy + Token |
| Ikalawang Gantimpala | Sertipiko + Medalya + Token |
| Ikatlong Gantimpala | Sertipiko + Medalya + Token |

14. Tatanggap ng Sertipiko ng Paglahok ang lahat ng mag-aaral na kalahok.
15. Tatanggap naman ng Katibayan ng Pagdalo ang mga tagapagsanay ng bawat kalahok.

**KaKASa Ka Ba? 2023: Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap**

**| Tagisan ng Talino (*Quiz Bee*), KASanaysayan (*Essay Writing*), Docusaysayan (*Local History Short Documentary*), at KASplay (*Cosplay*) |**

**Mayo 2023**

## PANGKALAHATANG ALITUNTUNIN

1. Bukás ang paligsahan sa lahat ng pampubliko at pribadong paaralang pansekundarya sa Pilipinas.
2. Para sa taong ito, magsasagawa ng F2F ang Tagisan ng Talino at KASanaysayan. Samantala, online gagawin ang KASplay at Docusaysayan
3. Maglalabas ng *online pre-registration form* ang UP LIKAS sa ika-17 ng Abril para sa lahat ng paligsahan. Tanging ang mga buo at may wastong entri lamang ang papadalhan ng kumpirmasyon ng KaKASa Contest AdHOC.
4. Dahil may sapat na bilang lamang ng kalahok ang tatanggapin sa bawat paligsahan, magkakaroon ng first-come, first-served basis sa mga ito.
5. Ang mga kalahok na sumagot sa *online pre-registration form* ay kinakailangan din magpatala sa *registration booth* sa mismong araw upang kumpirmahin ang pagdalo.
6. Kinakailangan dalhin ang valid ID na ginamit sa *online pre-registration form* at vaccination card sa mismong araw ng paligsahan. Ito ay ipapakita sa *registration booth* sa pagsisimula ng programa
7. Maglalabas ang UP LIKAS ng kabuuang mekaniks para sa mga patimpalak gayon din ang mga nakatalagang hurado para sa mga ito.
8. Magkakaroon ng registration fee ang bawat patimpalak. Para sa Tagisan ng Talino at Docusaysayan na may higit sa iisa ang kalahok sa kada grupo, kada grupo ang pagbabayad ng registration fee at hindi kada indibidwal.
    - Tagisan ng Talino: 150 pesos para sa mga grupo mula sa pribadong paaralan, 100 pesos para sa mga grupo mula sa pampublikong paaralan

- KASanaysayan: 100 pesos para sa mga kalahok mula sa pribadong paaralan, 75 pesos para sa mga kalahok mula sa pampublikong paaralan
- Docusaysayan at KASplay: 75 pesos para sa mga kalahok mula sa pribadong paaralan, 50 pesos para sa mga kalahok mula sa pampublikong paaralan

9. Para sa F2F KaKASa, i-aanunsyo sa UP LIKAS page ang nakatalagang silid na pagdadausan ng Tagisan ng Talino at KASanaysayan
10. Sa mismong araw ng F2F KaKASa, magkakaroon ng panimulang programa upang talakayin ang mga alituntunin ng paligsahan gayon din ang pagpapakilala sa mga hurado at panauhing pandangal.
11. Magaganap ang awarding sa mismong araw din ng patimpalak. Para sa mga online contests, magkakaroon ng hiwalay na awarding para sa mga nagwagi..

**KaKASa Ka Ba? 2023: KASPLAY**
**13 Mayo 2023, UP Diliman, Lungsod Quezon**
**MEKANIKS**

1. Ang KASplay ay paligsahan kung saan maaaring ibida ng mga kalahok ang pagiging malikhain sa pamamagitan ng pagcocosplay ng mga personalidad na may kinalaman sa kasaysayan
2. Upang makasali sa KASplay, kinakailangan magparehistro sa pormularyong ilalabas ng UP LIKAS. First-come, first-served basis ito kaya ang unang sampung (10) kalahok na makakapagrehistro lamang ang makakasali rito.
3. Bukás ito sa mga mag-aaral sa lahat ng paaralang sekundarya ng Pilipinas
4. Ang tema para sa taong ito ay mga lokal na bayani, kuwentong-bayan, at epiko sa bawat bayan at lalawigan sa Pilipinas. Kinakailangang magpasa ang bawat kalahok ng isang entri ng lokal na bayani o tauhan sa kuwentong-bayan o epiko mula mismo sa bayan kung saan sila ipinanganak.

5. Kinakailangan makapagpasa ang bawat kalahok ng short video na hindi hihigit sa 20-30 segundo upang ibida ang kanilang mga kasuotan. Bukod dito, kinakailangan rin magpasa ng larawan, isang whole body at half-body ang bawat kalahok.
6. Pinapayagan ang paggamit ng make-up at/o props para sa kanilang mga larawan
7. Pinapayagan din ang paggamit ng *photo at video manipulation* tulad ng pagdaragdag ng ilang maliliit na detalye sa background o paggamit ng color grading upang mapaganda at mapataas ang kalidad ng mga larawan. Gayon pa man, mahigpit na ipinagbabawal ang *photo at video manipulation* mismo upang baguhin o manipulahin ang mahahalagang detalye tulad ng kasuotan.
8. Ang larawan na ipapasa ay kinakailangang may kaakibat na photo essay. Ito dapat ay nakasulat sa wikang Filipino at may 200-250 na salita lamang
9. Ang Lupon ng Hurado ay binubuo ng
    - Mula sa Republica Filipina Reenactment Group
    - Mga inimbitahang propesor mula sa College of Fine Arts o College of Human Ecology
10. Narito ang pamantayan sa pagmamarka ng Lupon ng Hurado
    - **Pagkamalikhain ng Larawan at Video - 40%**
    - **Kaugnayan sa Tema - 25%**
    - **Photo-essay - 25%**
    - **Bilang ng reaction sa video - 10%**
    - **Kabuuan - 100%**

**KaKASa Ka Ba? 2023: DOCUSAYSAYAN**

**13 Mayo 2023, UP Diliman, Lungsod Quezon**

**MEKANIKS**

1. Ang Docusaysayan ay isang patimpalak kung saan bubuo ng maikling dokumentaryo ang bawat kalahok na mag-aaral hinggil sa kasaysayang pampook at pamanang kultural ng kanilang mga bayan o lalawigan
2. Ang bawat kalahok na paaralan ay bubuo ng pangkat na hindi lalagpas sa limang kalahok. First-come, first-served basis ito kaya hanggang sampu (10) entry lamang ang tatanggapin ng UP LIKAS sa *online pre-registration*
3. Ang bawat kalahok ay manggagaling lamang sa isang paaralang pangsekundarya at kailangan mamili ng bayan o lalawigang itatampok
4. Ang ipapasang dokumentaryo ay kinakailangang nasa 8-10 minuto lamang.
5. Orihinal dapat ang isasamang larawan o video sa dokumentaryo. Maari rin kumuha ng mga larawan mula sa internet kung ito ay public domain (tulad ng mga nasa government website) ngunit kinakailangan i-cite ang mga larawan kung saan ito kinuha.
6. Kinakailangan din magkaroon ng sanggunian sa huling bahagi ng dokumentaryo para sa lahat ng impormasyong ginamit.
7. Ang bawat kalahok ay malayang gumamit ng anumang napiling pamamaraan ng pagtatampok ng nasabing tema. Malaya rin sila sa paggamit ng anumang video editor app sa paggawa ng dokumentaryo.
8. Ipapalabas sa F2F KaKASa sa ika-13 ng Mayo ang nanalong tatlong entries.
9. Ang Lupon ng Hurado ay binubuo ng mga sumusunod
    - Film alumna/alumni ng UP LIKAS
    - Kinatawan mula sa UP Departamento ng Kasaysayan
    - Mula sa Local Historical Committees Network (LHCN)

10. Narito ang batayan ng pagmamarka
    - **Nilalaman at Kaugnayan sa Tema - 50%**
    - **Pagkamalikhain - 20%**
    - **Orihinalidad - 20%**
    - **Bilang ng reaction sa dokumentaryo - 10%**
    - **Kabuuan - 100%**

**KaKASa Ka Ba? 2023**
**Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap**

**PROJECT TEAM**

**NICOLE MARGARET A. VILLABROZA**
Project Head/Finance and Marketing Committee Head

**AARON JULIUS B. TORRES**
Externals Committee Head

**BENELYN P. FERRER**
Publicity and Promotions Committee Head

**DAN GABRIEL A. CASTRO**
Contests Organizing Committee Head

**JOHN CARLOS B. DUQUE**
Human Resources Committee Head

**JUDE THOMAS N. CUARTERO**
Technicals and Logistics Committee Head

**DR. JELY A. GALANG**
**DR. ROS A. COSTELO**
Mga Gurong Tagapayo


EMAIL: uplikas@gmail.com
FACEBOOK: facebook.com/uplikas/
TWITTER: twitter.com/uplikas/
INSTAGRAM: instagram.com/uplikas
WEBSITE: uplikas.wixsite.com/uplikas
CONTACT NUMBER: 0995 417 5724


DR. MAY B. ECLAR
Regional Director
Department of Education Region III
City of San Fernando

Dear Dr. Eclar,

Greetings!

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS), is an academic organization of students in the University of the Philippines- Diliman that promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities. One of the major endeavors of our organization is our annual flagship event entitled KaKASa Ka Ba?, a series of academic competitions for high school students aimed at deepening students' interest, knowledge, and understanding of history.

This year, in line with our organization's 35th anniversary, U.P. LIKAS will be organizing KaKASa Ka Ba with the theme: "Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap." This year, KaKASa Ka Ba aims to focus on improving the historical consciousness of these students in line with our campaigns to resist against the spread of disinformation and historical distortion. These competitions will be held throughout the month of May. These competitions would include the Tagisan ng Talino (face-to-face), KASanaysayan (online), Docusaysayan (online), and KASplay (online).

Given the relevance of this topic to the current social discourse, we humbly invite your organization to become our partners in this initiative. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history and curbing the spread of disinformation and historical distortion. In line with this, we ask for your help by granting our event the accreditation of your office and the dissemination of our invitation to school within your jurisdiction.

Attached with this document are the concept paper and program proposal for the conference. Should you have any inquiries, we will gladly discuss these matters with you personally. You may contact our Vice-Chairperson for External Affairs via 09560938732 or e-mail us at uplikas@gmail.com.

Thank you very much.

Respectfully,

Aaron Julius B. Torres
Vice-Chairperson for External Affairs

Noted by:

Nicole Margaret A. Villabroza
Project Head

Prof. Jely A. Galang
Faculty Adviser

**ANNEX 2**

## ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET

1. Name of Company/Association/Institution/Organization:

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS)

2. Office Address:

Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City

| 3. Contact Person/s: | 4. Designation/Position: |
|---|---|
| Nicole Margaret A. Villabroza<br>Aaron Julius B. Torres | Tagapangulo<br>Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| a. Contact No/s.:<br>0995 417 5724<br>0956 093 8732 | b. Mobile Phone No/s.:<br>0995 417 5724<br>0956 093 8732 |

| | |
|---|---|
| 5. Email Address/es: | uplikas@gmail.com or uplikasexternals@gmail.com |
| 6. URL/Website: | N/A |
| 7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others) | http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.twitter.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas |

8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):

U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society.

9. Mission:

The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history.

10. Vision:

As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people.

11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies):

- □ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC)
- □ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate
- Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office
- □ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB)
- □ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration
- □ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate
- □ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution

Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs)
(See enclosed format)

**ANNEX 3**

## U.P. Lipunang Pangkasayayan (U.P. LIKAS)

### LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS

| Implementation Plan (Schedule) | Title of the Activity* | Objective | Target Participants | Target Date | Proposed/Tentative Venue |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2021-2022 | 1. Ika-30 Pambansang Kumperensiya (Economic History of the Philippines) | Provide discussions on the the economic history of the Philippines, its development, and the contribution of Filipino livelihood to it through the years. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 23, 30 October 2021<br>6 November 2021 | Online (via Zoom) |
| | 2. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2022 | Online (via Zoom) |
| | 3. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the different roles of Filipina women during the Japanese Occupation. | UP Students | 8 April 2022 | Online (via Zoom) |
| UPD A.Y. 2022-2023 | 1. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the history of historical distortion in Philippine films. | UP Students | 26 August 2022 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 2. Ika-31 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on Philippine urban history and discuss the ramifications it has had to our present context. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 22, 29 October, 5 November 2022 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, NCR | March 2023 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2023-2024 | 1. Ika-32 Pambansang Kumperensiya (Digital Media, Transmedia and History) | Provide relevant discussions about transmedia and digital media and how history can be written, incorporated, and taught in these new platforms | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | September 2023 | NISMED Auditorium, UP Diliman |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | October 2023 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon | March 2024 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2024-2025 | 1. Ika-33 Pambansang Kumperensiya (Philippine Historiography) | Provide discussions on Philippine historiography, and the various concepts and methods that have developed in the discipline | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | October 2024 | Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Dap-Ayan Lectures | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | December 2024 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2025 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |

**ANNEX 4**

**TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE**

**(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)**

Title of the Training: *KaKASa Ka Ba? 2023: "Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap." (Aware of the Present, A Light for the Future)*

Proposed Date and Venue:
May 20, 2023, Student Union Building, UP Diliman, Quezon City.

Rationale and General Description of the Activity:

This year, in line with our organization's 35th anniversary, U.P. LIKAS will be organizing KaKASa Ka Ba with the theme: "Maláy sa Nakaraan, Tanglaw sa Hinaharap."

This year, KaKASa Ka Ba aims to focus on improving the historical consciousness of these students in line with our campaigns to resist the spread of disinformation and historical distortion. These competitions will be held throughout the month of May. These competitions would include the Tagisan ng Talino (face-to-face), KASanaysayan (online), Docusaysayan (online), and KASplay (online).

Specific Objectives of the Activity:

The competition aims to:

a) Supplement high school students' education in media literacy through competitions which challenge their critical thinking and analytical skills.
b) Provide high school students with a platform for artistic expression through competitions which challenge their literary and aesthetic creativity.
c) Provide high school students with a platform to showcase their academic excellence through competitions that challenge their knowledge of Philippine history.
d) Through all the competitions, provide high school students with a deeper appreciation of our nation's history.

Target Participants: High school students (competitors), high school teachers (coaches)

No. of Expected Participants: ~160 participants
Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational Fund
Registration Fee: Php 0.00

**Key Content and Methodologies:**

Competition Categories

- Tagisan ng Talino (Quiz Bee)
  - Mode: Face-to-face
  - Target participants: 40 competitors + 20 coaches
  - Venue: Student Union Building, UP Diliman

- KASanaysayan (Essay Writing)
  - Mode: Face-to-face
  - Target participants: 20 competitors + 20 coaches
  - Venue: Student Union Building, UP Diliman

- Docusaysayan (Local History Infomercial)
  - Mode: Online
  - Target participants: 10 students

- KASplay (Cosplay)
  - Mode: Online
  - Target participants: 50 students (10 teams of 5 students each)

Management Structure:

| Role | Name | Terms of Reference |
|---|---|---|
| Program Manager | Nicole Margaret Villabroza | Tagapangulo |
| Training Manager | Dan Gabriel Castro | Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik |
| Class Manager | Aaron Julius Torres | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| Logistics Officer | Iris Villaverde Garcia | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan |
| Finance Officer | Dorothy Joy Santos | Direktor sa Pananalapi at Lohistika |
| Welfare Officer | Jose Alberto Jimenez III | Direktor sa Pangkasapiang Usapin |
| Quality Assurance Officer | Ryana Clemente | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob |
| Documenters | Desiree Mae Atienza | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan / Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag |
| Secretariat/Administrative Support | Aaron Julius Torres | Kalihim para sa Usaping Panlabas |

**Resource Package:**

a. Certificate

Note: This should be enclosed per activity